



Baxter

“HINDI GUMAGANA NANG MAAYOS ANG IYONG MGA BATO.”

Ano ang ibig sabihin nito?
Paano ka mananatiling malusog?

Pagkasilang sa iyo, gumagana nang maayos ang lahat.
Nagkakaproblema kalaunan, kaya napapatanong ka ng:

“ANO ANG GAGAWIN KO RITO?”

“ANO ANG PAPEL NG AKING MGA BATO SA
KALUSUGAN KO?”

“ANO ANG MGA OPSYON KO?”

“ANO ANG NABABAGAY SA AKIN AT SA PARAAN
KO NG PAMUMUHAY?”

“SINO ANG MALALAPITAN KO?”




Mga Bato:

ANG SISTEMA NG
PAGSASALA NG
IYONG KATAWAN

MAHALAGA ANG PAPEL NG MGA NORMAL AT MALUSOG NA BATO SA IYONG KALUSUGAN

- > Ang mga bato ang **naglilinis ng iyong dugo** at **nag-aalis ng sobrang fluid** para gumawa ng ihi.
- > Ang mga ito ang **nagpapanatiling balanse sa mga mineral** (sodium, calcium, potassium, at phosphorus).
- > Tumutulong ang mga ito na **kontrolin ang presyon ng dugo**.
- > Tumutulong ang mga ito na **gumawa ng mga red blood cell**.
- > Ang mga ito ay **gumagawa ng vitamin D** para mapanatiling malusog ang mga buto.



- > Ang mga bato ay kahugis ng mga habitsuwelas (kidney bean).
- > Ang mga ito ay kasinlaki ng maliit na kamao.
- > May bigat ang mga ito na 1/4 pound o 114 na gram.

KAPAG HINDI GUMAGANA NANG MAAYOS ANG IYONG MGA BATO, MAAARING MAYROON KANG KIDNEY FAILURE

Kapag nangyari ito:

- > maaaring maipon ang mga mapaminsalang waste at fluid sa loob ng iyong katawan;
- > maaaring tumaas ang presyon ng iyong dugo; at
- > maaaring hindi makagawa ng sapat na red blood cell ang iyong katawan.



Ang kailangan mo lang para manatiling malusog ay **isang bato na gumagana nang 20%**.

TATLONG URI NG SAKIT SA BATO: CHRONIC KIDNEY FAILURE, ACUTE KIDNEY DISEASE, END-STAGE RENAL DISEASE

- > **Chronic kidney failure:** Unti-unting paghina ng bato na resulta ng pangmatagalang sakit. Ito ang pinakakaraniwang uri ng kidney failure. Hindi ito maibabalik sa dati, ngunit maaari itong gamutin.
- > **Acute kidney failure:** Biglaang hindi paggana ng bato na resulta ng pinsala o pagkalason. Kadalasan ay maibabalik ito sa dati sa loob ng ilang linggo kung magagamot kaagad.
- > **End-stage renal disease (ESRD):** Isang kundisyon kung saan hindi na gumagana ang mga bato, o napakahina na ng mga ito.

MGA SANHI NG KIDNEY FAILURE: MARAMING SAKIT O KUNDISYON NA MAAARING MAGDULOT NITO



Diabetes ang pinakakaraniwang sanhi ng kidney failure. Maaaring makapinsala ang matataas na antas ng asukal (glucose) sa dugo ng mga taong may diabetes sa maliliit na daluyan ng dugo sa **mga nephron** at maaari itong magsanhi sa paghina ng mga bato.

Ano ang magagawa mo?

- > Suriin ang mga antas ng iyong asukal sa dugo sa tuwing magpapatingin ka sa nurse o doktor mo.
- > Alamin ang mga antas mo: sikaping gawing “normal” ang mga antas ng asukal sa dugo.



Ang **mataas na presyon ng dugo**, o altapresyon, ay maaari ding makasira sa maliliit na daluyan ng dugo sa mga pansala ng iyong mga bato, na sanhi para humina ang mga ito. Mas mabilis na lalala ang sakit sa bato kung hindi makokontrol ang mataas na presyon ng dugo.

Ano ang magagawa mo?

- > Ang gamot, masustansyang pagkain, at pag-eehersisyo ay makakatulong na panatilihin ang presyon ng iyong dugo sa malusog na antas para maprotektahan ang mga bato mo.
- > Isulat ang presyon ng iyong dugo sa tuwing magpapatingin ka sa nurse o doktor mo.

IBA PANG SALIK NA MAAARING HUMANTONG SA KIDNEY FAILURE:



Lupus (sakit sa immune system)



Polycystic kidney disease (maraming cyst sa mga bato)



Glomerulonephritis (pamamaga ng mekanismo sa pagsasala ng bato)



Pinsala o trauma na natamo sa isang aksidente, **at mga lason**, tulad ng mga ilegal na droga o labis na pag-inom ng ilang partikular na over-the-counter na gamot

ANG SAKIT SA BATO AY TINATAWAG MINSAN NA “TAHIMIK” NA SAKIT

Maaaring walang maramdamang masama ang ilang tao o hindi nila mapansin ang kanilang mga sintomas hanggang hindi na nag-aalis ng waste ang kanilang mga bato.

Habang lumalala ang sakit at humihina ang bato, nakakaranas ang karamihan ng mga tao ng mga sintomas ng **uremia**:

- > Pagkapagod at/o panghihina
- > Pamamaga ng mga kamay at paa
- > Pangangapos ng hininga
- > Kawalan ng ganang kumain, masamang lasa sa bibig, pagsusuka, pagduruwal, at pagbaba ng timbang
- > Hirap sa pagtulog, pangangati, pamumulikat, at pangangitim ng balat

Tiyaking sabihin sa iyong doktor o nurse kung nakakaranas ka ng alinman sa mga sintomas na ito.

SUBAYBAYAN ANG PAGGANA NG IYONG BATO PARA MANATILING MALUSOG

Ang **paggana ng bato** ang porsyento ng iyong mga bato na gumagana pa rin (hal., 100% = gumagana nang buo). Ang pagsubaybay kung gaano kabagal o kabilis lumalala ang iyong sakit sa bato ay ginagawa sa pamamagitan ng mahigpit na pagbabantay sa iyong **serum creatinine**, isang waste product na matatagpuan sa dugo mo na nasusuri sa pamamagitan ng isang simpleng pagsusuri sa dugo.

Ang mga taong may kidney failure ay maaaring magkaroon ng mga komplikasyon tulad ng anemia at sakit sa buto.

Para manatiling malusog, mahalagang:

- > regular na mag-follow up sa iyong team sa pangangalagang pangkalusugan; at
- > sumailalim sa mga pagsusuring makakatulong na makita ang mga problemang ito nang maaga para masimulan ang pinakamainam na therapy.

HARAPIN ANG IYONG MGA NARARAMDAMAN HABANG NATUTUTO TUNGKOL SA BAGO MONG PROBLEMA SA KALUSUGAN

Karaniwang makaramdam ng maraming emosyon, lalo na kung maayos ang kalagayan mo sa pangkalahatan at nakakagulat ang balita na mayroon kang isyu sa kalusugan.

Maaari kang makaramdam ng gulat (marahil ay talagang biglaan at hindi inaasahan ang balitang ito), lungkot, pagkabalisa, at galit.



Hindi kakaibang maramdaman ito. Dapat mong kausapin ang iyong nurse at doktor, na makakapag-refer sa iyo sa iba pang miyembro ng team sa pangangalagang pangkalusugan. Marefer ka rin nila sa mga madudulugang makakatulong sa iyo na maunawaan at matanggap ang iyong mga pinagdaraan at gumawa ng mga desisyong pinakamainam para sa iyo.

ANG KIDNEY FAILURE AY MAPAPAMAHALAAN AT MAAARI KANG MANATILING MALUSOG

Maraming paggamot sa sakit sa bato na makakatulong sa iyo na mamuhay nang malusog at aktibo:

- > May mga gamot at paraan ng paggamot na idinisenyo para mapabagal ang paglala ng iyong sakit sa bato.
- > **Dialysis**, isang pamamaraan na pansamantalang nag-aalis ng waste at sobrang fluid sa iyong katawan, gaya ng ginagawa ng normal na bato.
- > Kalaunan, maaari kang mangailangan ng pag-transplant ng bato, isang operasyong isinasagawa para maglagay sa iyong katawan ng bagong bato mula sa donor.



Ang **mga nephron** ay maliliit na pansala sa loob ng mga bato na naglilinis ng dugo. Ang karamihan sa mga sakit sa bato ay nakakaapekto sa mga nephron.

Tumutukoy ang **uremia** sa pagkakaroon ng urea o waste sa dugo.

Ang **dialysis** ay isang proseso na nag-aalis sa waste at sobrang fluid sa iyong dugo sa pamamagitan ng pagsasala sa mga ito gamit ang isang membrane/pansala, gaya ng pagsasala ng malulusog na bato.

A close-up portrait of a woman with long brown hair and bangs. She is smiling gently and resting her chin on her right hand. The background is softly blurred, showing hints of an indoor setting. A dark blue geometric shape is overlaid on the left side of the image, containing white text.


Dialysis para sa sakit sa bato:
PAGGAWA SA TRABAHO
NG MGA BATO

Sa paghina at hindi na paggana nang normal ng iyong mga bato, kakailanganin mong magpasya at pumili ng paraan ng paggamot. Bagama't walang gamot sa kidney failure, may mga paraan ng paggamot na maaaring humalili sa mga gawaing hindi na nagagawa ng iyong mga bato, para mapaganda ang iyong pakiramdam at magawa mong mabuhay nang malusog.

PAANO GUMAGANA ANG DIALYSIS PARA LINISIN ANG AKING DUGO?

Sa dialysis, ang dugo ay nasa isang panig ng membrane/pansala, at nasa kabilang panig naman ang isang espesyal na fluid na tinatawag na **dialysate**.

Ang maliliit na waste product sa iyong dugo ay tumatagos sa membrane/pansala papunta sa dialysate. Ang malalaking particle, tulad ng mga red blood cell, ay nananatili sa iyong dugo. Ganito nalilinis ang iyong dugo.



DALAWANG URI NG DIALYSIS: NAGKAKAIBA ANG MGA ITO KUNG PAANO AT KUNG SAAN GINAGAWA ANG MGA ITO

- > Ginagamit sa **peritoneal dialysis** ang natural na membrane ng katawan, na tinatawag na **peritoneum**, bilang pansala para mag-alis ng waste at fluid.
- > Gumagamit sa **hemodialysis** ng makina at panlabas na pansala ng dugo na gawa ng tao, na tinatawag na dialyzer, para mag-alis ng waste sa katawan.



Ang **peritoneum** ay isang manipis na layer ng tissue sa loob ng iyong tiyan na bumabalot sa mga organ mo sa tiyan.

➔] SINASALA NG PERITONEAL DIALYSIS (PD) ANG IYONG DUGO SA LOOB NG KATAWAN MO.

Ginagamit ng PD ang natural na membrane ng sarili mong peritoneum bilang pansala.

Dalawang uri ng PD

Continuous ambulatory peritoneal dialysis (CAPD)

- > Nililinis at sinasala ang iyong dugo nang tuluy-tuloy
- > Hindi nangangailangan ng makina
- > Kinakailangan mong magpalit (mag-infuse at mag-drain) ng fluid apat na beses sa isang araw sa pamamagitan ng isang permanenteng catheter na nakapasok sa iyong tiyan

Automated peritoneal dialysis (APD)

- > Gumagamit ng makinang tinatawag na **peritoneal dialysis cycler** para isagawa ang mga nakatakdang pagpapalit para linisin/salain ang iyong dugo bawat araw sa pamamagitan ng isang permanenteng catheter
- > Ginagawa sa bahay sa gabi habang natutulog ka

Irerekomenda ng iyong doktor ang reseta sa dialysis (ang bilang ng mga pagpapalit at ang dialysis solution) na pinakanababagay sa iyo.



Kapag ganap ka nang nasanay ng iyong dialysis nurse, magagawa mo na mismo ang PD sa bahay, o kahit habang nasa biyahe.

[➔ SINASALA NG HEMODIALYSIS ANG IYONG DUGO SA LABAS NG KATAWAN MO.

Sa hemodialysis, inalis ang iyong dugo sa iyong katawan at pina-pump ito sa isang ginawang filter na tinatawag na **dialyzer**.

Hemodialysis

- > Ginagawa sa isang nakaikedyul na oras sa ospital sa isang dialysis clinic
- > Ginagawa tatlong beses sa isang linggo. Ang bawat session ng paggamot ay tumatagal nang humigit-kumulang apat na oras, depende sa reseta sa dialysis na inirerekomenda ng doktor.

Magpapasok ang isang nurse o technician ng dalawang karayom sa isang espesyal na permanenteng pasukan na tinatawag na **fistula**, na karaniwang nasa iyong braso. Ginagawa ang fistula sa pamamagitan ng operasyon. Ang mga karayom na ipinapasok sa fistula ay nakakonekta sa mga tubong gagamitin para alisin ang iyong dugo. Kapag naalis na ang waste sa iyong dugo sa pamamagitan ng pansala, ibabalik ang dugo sa katawan mo.



Sa pamamagitan ng wastong pagsasanay at sa tulong ng isang kasama, maaaring gawin sa bahay ang hemodialysis. Maaari itong gawin araw-araw o tatlong beses sa isang linggo, depende sa reseta sa dialysis.

PAGPILI SA URI NG DIALYSIS NA NABABAGAY SA IYO: MAAARING MAS MAGANDA ANG ISANG URI NG DIALYSIS PARA SA IYO DAHIL SA MGA MEDIKAL NA DAHILAN O PARAAN NG PAMUMUHAY.

Narito ang ilang bagay na dapat isaalang-alang habang nagpapasya ka.



Sa tulong ng iyong nurse, doktor, team sa pangangalagang pangkalusugan, at pamilya, mapipili mo ang paggamot na pinakamainam para sa iyo at sa iyong paraan ng pamumuhay.

URI NG DIALYSIS	MGA BENEPISYO	MGA BAGAY NA DAPAT ISAALANG-ALANG
Peritoneal dialysis (PD)	> Ibinabagay ang iyong paggamot sa iyong paraan ng pamumuhay > Portable at flexible—madaling dalhin ang iyong therapy kapag bumibiyahe o nagbabakasyon > Mas banayad ang tuluy-tuloy na therapy at mas katulad ng natural na paggana ng iyong bato > Mas kaunting pagbisita sa dialysis unit para magpagamot > Walang karayom > Pagsasarili—karaniwang ikaw mismo ang nagsasagawa sa therapy > Maaaring mangyari ang therapy habang natutulog ka	> Kailangang magpalit araw-araw > Kailangan ng permanenteng pasukan > May posibilidad na maimpeksyon > Maaaring lumaki nang kaunti ang baywang (dahil sa pagdadala ng fluid) > Nangangailangan ng mapaglalagyan sa iyong bahay > May ilang paghihigpit sa fluid at pagkain
In-center/ hospital hemodialysis (ICHD)	> Regular na pakikipag-ugnayan sa iba pang pasyente at mga tauhan sa pasilidad ng hemodialysis > Tatlong paggamot/linggo (apat na araw na pahinga) > Hindi kailangang magtago ng equipment/mga supply sa bahay > Makakahingi kaagad ng medikal na tulong habang nagte-therapy	> Biyahe sa center/unit tatlong beses kada linggo, ayon sa nakatakdang iskedyul na may average na apat na oras kada paggamot > Kailangan ng permanenteng pasukan > Pagpasok ng dalawang karayom para sa bawat paggamot > May ilang paghihigpit sa fluid at pagkain > Posibleng kawalan ng ginhawa, tulad ng pananakit ng ulo, pagduruwal, pamumulikat ng binti, at kapaguran
Home hemodialysis (HHD)	> Tulong mula sa mga kapamilya > Mas may kontrol kung kailan ka sasailalim sa dialysis > Hindi kailangang bumiyahe sa isang klinika o ospital para sa paggamot > Gumagana habang natutulog (para sa ilang tao)	> Kailangan ng permanenteng pasukan > May posibilidad na maimpeksyon > Pagpasok ng dalawang karayom para sa bawat paggamot > May ilang paghihigpit sa fluid at pagkain > Maaaring tumagal ang pagsasanay nang apat hanggang anim na linggo > Kailangan ng paglalagyan ng equipment at mga supply

MGA SIDE EFFECT NG DIALYSIS: ALAMIN KUNG ANO ANG MGA ITO AT KUNG PAANO MAIWASAN ANG MGA ITO

Peritoneal dialysis (PD)

Nasisiyahan ang karamihan ng mga tao sa flexibility ng PD, at hindi madalas magkaroon ng komplikasyon sa bagong teknolohiya ngayon. Gayunpaman, ang isang komplikasyon ng PD ay **peritonitis**, isang impeksyon sa tiyan na maaaring mangyari kung hindi masusunod nang maingat ang mga pamamaraan at kalinisan.

Maaari kang manatiling malusog habang nagsasagawa ng PD sa pamamagitan ng paggawa sa mga sumusunod:



Pagsunod sa **mga pamamaraang** itinuro ng iyong nurse



Pag-alam kung paano **tukuyin** ang mga maagang **senyales ng impeksyon**



Pagtanggap ng agarang **antibiotic na paggamot**

Hemodialysis

Kabilang sa mga karaniwang komplikasyon ng hemodialysis na maaaring makapigil sa paggana nang maayos ng iyong hemodialysis at maaaring maging malubha kung hindi matutugunan kaagad ang:

- > **Impeksyon sa iyong pasukan (fistula)**
- > Mga pagbabara dahil sa mga namuong dugo
- > Mahinang pagdaloy ng dugo
- > Mga problema sa daluyan ng dugo



Kapag natutunan mo kung paano **matukoy ang mga komplikasyong ito at kapag nagpagamot ka kaagad**, mananatili kang malusog habang nagsasagawa ng hemodialysis sa bahay o sa klinika.

Kabilang din sa mga side effect ng hemodialysis ang:

- > Pamumulikat
- > Pananakit ng ulo
- > Mababang presyon ng dugo (na maaaring magpahilo, magpahina, o magpaduwal sa iyo)



Ang mga sintomas na ito ay nauugnay sa pagtugon ng iyong katawan sa mabibilis na pagbabago sa balanse ng fluid at electrolyte habang isinasagawa ang paggamot. Napapamahalaan ang mga ito, kaya tiyaking iulat ang mga ito sa iyong dialysis nurse o technician.

PAGKONTROL SA IYONG DIABETES AT PRESYON NG DUGO KAPAG NAGDA-DIALYSIS KA O MAYROON KANG NA-TRANSPLANT NA BATO

Mahalagang pamahalaan ang mga kundisyong ito. Regular na susuriin ng iyong team sa pangangalagang pangkalusugan ang mga antas ng glucose sa iyong dugo at ang presyon ng dugo mo sa mga medikal na pagbisita. Maaaring baguhin ng iyong doktor ang mga gamot mo o ang dosis, depende kung paano ginagamot ang iyong kidney failure.

MAKOKONTROL MO ITO: IKAW ANG BAHALA SA REGULAR NA PAGSUBAYBAY SA MGA ANTAS NG GLUCOSE SA IYONG DUGO AT PRESYON NG DUGO MO

Ang matataas na antas ng glucose sa dugo ay maaaring magpakumplika sa dialysis at makapinsala sa maliliit na daluyan ng dugo sa mga bato.

Kung mayroon kang diabetes:



inumin/gamitin ang iyong mga gamot gaya ng inireseta;



sundin ang diet na inirerekomenda sa iyo; at



regular na subaybayan ang antas ng glucose sa iyong dugo.

Ang mataas na presyon ng dugo ay maaari ding makapinsala sa mga bato at makasagabal sa dialysis.

Kung mataas ang presyon ng iyong dugo:



inumin ang iyong mga gamot kahit na mabuti ang pakiramdam mo;



mag-ingat sa kung ano ang kinakain at iniinom mo; at



regular na suriin ang presyon ng iyong dugo



Hindi ka nag-iisa:

ANG PAMAMAHALA SA
IYONG SAKIT SA BATO PARA
MANATILING MALUSOG AY
PINAGTUTULUNGAN NG TEAM

UNAWAIN ANG TUNGKULIN NG BAWAT TAO SA IYONG TEAM

Ang **iyong team sa pangangalagang pangkalusugan** ay kinabibilangan ng mga doktor, nurse, dietician, pharmacist, social worker, at psychologist. Ang bawat miyembro ng team ay may mga indibidwal na responsibilidad, ngunit nagtutulungan silang lahat para matiyak na matatanggap mo ang pinakamainam na pangangalaga.

Ang **iyong mga kapamilya at kaibigan** ay mayroon ding mahalagang papel sa pagtulong sa iyo at sa pagpapanatiling malusog ng iyong mga bato hangga't maaari.

Huwag matakot manguna sa pamamagitan ng:

- > pagtatanong;
- > pag-uulat ng mga sintomas;
- > kusang pagbabasa; at
- > pakikipag-ugnayan sa ibang miyembro ng team.



Nephrologist: Isang doktor na dalubhasa sa mga sakit sa bato at nangangasiwa sa lahat ng medikal na pangangalaga na nauugnay sa iyong mga bato, kabilang ang pagrereseta ng mga gamot, pag-uutos at pagtatasa ng mga pagsusuri, at pagdisenyo sa iyong plano ng paggamot.



Nurse (dialysis nurse): Isang rehistradong nurse na dalubhasa sa pangangalaga ng bato at nakikipagtulungan sa nephrologist at team sa pangangalagang pangkalusugan para i-coordinate ang pangangalaga sa iyo, magsagawa ng mga pagsusuri, at magbigay ng kaalaman para masuportahan ka sa pagpapasya nang may kabatiran tungkol sa plano ng paggamot na pinakamainam para sa iyo at sa iyong pamilya.



Dietician: Ang renal dietician ay isang eksperto sa nutrisyon na makakapagbigay ng payo sa pagkain at nutrisyon para makatulong sa iyo na mabuhay nang maayos sa kabila ng sakit sa bato. Maaaring gumawa ang iyong dietician ng meal plan o espesyal na diet na makakatulong sa iyong mga bato na manatiling malusog nang mas matagal.



Social worker: Ang social worker, na isang tagapayong may pagsasanay na maaaring magbigay ng suporta at praktikal na payo sa pamumuhay nang may hindi gumagaling na sakit at pag-adjust sa buhay na may dialysis o pag-transplant, ay madudulugan para sa impormasyon tungkol sa mga isyu tulad ng pananalapi o transportasyon.



Pharmacist: Ang pharmacist ay nakikipagtulungan sa iyo at sa team ng mga nurse at doktor para magbigay ng kaalaman tungkol sa iyong mga gamot at makakasagot siya ng mga tanong tungkol sa mga uri ng herbal na therapy na maaaring makapinsala sa iyong mga bato. Sinusubaybayan ng pharmacist ang mga inireresetang gamot para sa mga posibleng interaksyon ng mga gamot at nagbibigay siya ng mga suhestyon sa team tungkol sa pinakamainam na uri ng gamot batay sa kalusugan ng iyong bato sa isang partikular na panahon.



Ang **konserbatibong pangangalaga o hindi paggamot** ay maaari ding maging opsyon dahil nag-aalok ito ng pangangalagang nagbibigay-ginhawa sa katawan at damdamin.

Makipag-usap sa iyong team sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa konserbatibong pangangalaga, dahil ang landas na ito ay maaaring humantong sa pagkamatay dahil sa sakit sa bato.

Matuto pa sa **www.ckmcare.com**.

A close-up portrait of a woman with short, curly brown hair, wearing tortoiseshell-rimmed glasses and a white sleeveless top with a black collar. She is looking directly at the camera with a slight smile. The background is blurred, showing what appears to be an office setting with a computer monitor.

Pag-transplant ng bato:

ANG PINAKAMALAPIT
SA PAGKAKAROON
MO NG SARILI MONG
MALUSOG NA BATO

Ang pag-transplant ng bato ay isang major surgery kung saan naglalagay sa loob ng ibabang bahagi ng iyong tiyan ng malusog na bato mula sa donor na tao.

Ang malusog na bato mula sa donor ay maaaring magmula sa iba't ibang mapagkukunan:

- > Maaaring maging donor ang isang buhay na tao, tulad ng kapamilya, kaibigan, o indibidwal na hindi mo kaanu-ano. Ang opsyong ito ay nangangailangan ng mga pamamaraan at pagsusuri para makatulong sa iyong doktor na matukoy kung matatanggap mo ang bato mula sa buhay na donor.
- > Isang taong pumanaw kamakailan (isang bangkay). Nangangailangan din ang opsyong ito ng mga pamamaraan at pagsusuri habang sumasailalim ka sa isang uri ng dialysis habang hinihintay mo ang pag-transplant.

Humigit-kumulang 70% ng lahat ng na-transplant na bato ay mula sa mga bangkay. Sa Canada, nag-iiba-iba ang tagal ng paghihintay ng karamihan ng mga tao dahil limitado lang ang mga donor.



Kandidato ka ba para sa pag-transplant?

Hindi lahat ay kwalipikado para sa pag-transplant ng bato. Makakatulong ang iyong doktor at team sa pangangalagang pangkalusugan na matukoy kung mainam para sa iyo ang pag-transplant o kung masyado nang mapanganib ang opsyong ito dahil sa iyong kundisyon o masyadong maliit ang posibilidad na magtagumpay ito dahil dito.

ANG DAPAT ASAHAN

Ang operasyon – Sa operasyon para sa pag-transplant, ikakabit ang iyong mga artery at vein sa na-transplant na bato. Karaniwang inaabot nang tatlo hanggang apat na oras ang operasyon. Pagkatapos ng operasyon, kakailanganin mong manatili nang ilang araw sa ospital at magpagaling sa bahay sa loob ng ilang linggo.

Wala nang dialysis – Pagkatapos ng operasyon, sinasalo ng malusog na bato ang trabahong hindi na nagagawa ng iyong mga bato. Hindi na kailangan ang dialysis.

Pamumuhay nang may bagong bato – Ang matagumpay na pag-transplant ng bato malamang ang pinakamalapit na bagay sa lunas sa kidney failure, dahil maaari ka nitong mabigyang-daan na mamuhay nang mas “normal”—isang buhay na mas kaunti ang pang-araw-araw na abala o paalala ng iyong sakit sa bato.

Pag-iwas sa rejection – Ang mga pasyenteng nakatanggap ng transplant ay kailangang uminom ng mga immunosuppressive na gamot araw-araw para mapigilan ang katawan na i-reject ang na-transplant na bato. Nagkakaroon ng rejection dahil likas na sinusubukan ng katawan na mag-alis ng mga substance o bagay mula sa labas—sa kasong ito, ang bagong bato.

Gumagana ang mga immunosuppressant sa pamamagitan ng pagpapahina sa immune system ng katawan. Napapababa ng mga ito ang iyong resistensya laban sa iba pang sakit, lalo na sa mga impeksyon.

Kabilang sa mga side effect ang mga sumusunod:

- > Pagbigat ng timbang
- > Mga pagbabago sa balat
- > Mga mood swing
- > Masakit na sikmura

Mga komplikasyon ng pag-transplant – Ang rejection ay maaaring maging malaking komplikasyon ng pag-transplant ng bato. Sa kasamaang-palad, kung minsan, hindi mapipigilan kahit ng mga gamot na i-reject ng katawan ang na-transplant na bato. Kapag nangyari ito, kakailanganin mong bumalik sa dialysis at marahil ay maghintay ng ibang bato mula sa donor.

MGA SANGGUNIAN PARA SA BATO

Maraming online na sanggunian na makakatulong sa iyong matuto tungkol sa pamumuhay nang may sakit sa bato. Maaari ding makatulong kung minsan ang pakikinig sa iba pang pasyenteng nabubuhay nang maayos sa kabila ng sakit sa bato.

Mga online na sanggunian

Kidney Foundation of Canada: www.kidney.ca

Canadian Diabetes Association: www.diabetes.ca

Heart and Stroke Foundation of Canada: www.heartandstroke.ca

AGIR (French kidney patient connection – Québec): www.agir.qc.ca

Conservative Kidney Management: www.ckmcare.com

Ontario Renal Network: www.ontariorenalnetwork.ca

BC Renal Agency: www.bcrenalagency.ca

Manitoba Renal Program: www.kidneyhealth.ca/wp

Nova Scotia Renal Program: www.nshealth.ca/renal-program

Home Dialysis Central: www.homedialysis.org

MAHALAGA ANG PAPEL NG IYONG MGA KAIBIGAN AT KAPAMILYA SA TEAM MO

Matutulungan silang mas matulungan ka kapag nagkaroon sila ng karagdagang kaalaman tungkol sa sakit sa bato at dialysis. I-refer sila sa kidneydialysis.ca at kidneycampus.ca para sa higit pang impormasyon.

Mga kwento ng pasyente

Tandaang hindi ka nag-iisa.

Bumisita sa www.kidneycampus.ca/patient-stories para marinig ang mga kwento ng mga pasyente at kanilang mga pamilya tungkol sa pamumuhay nang may sakit sa bato at dialysis.



...

Salamat sa mga center na tumulong na bumuo sa materyal na ito.

Ipinagkakaloob ng Baxter Corporation bilang serbisyo sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at sa kanilang mga pasyente.

Sanggunian: Stein Andy, at Janet Wild. *Kidney failure explained: Everything you always wanted to know about dialysis and kidney transplants but were afraid to ask.* London, England: Class Publishing, 1999.

Baxter

Baxter Corporation
Mississauga, Ontario L5N 0C2 | www.baxter.ca

© 2018 Baxter. Nakalaan ang lahat ng karapatan.
Ang Baxter ay trademark ng Baxter International Inc.

CAMP/MG232/18-0007 01/2019